


Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: El Filibusterismo



**Filipino – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan (El Filibusterismo)
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Renato I. Molina Constancia J. Acacio	John Patrick A. Ellorin
Editor:	Evangeline E. Soriano	Edmundo A. Bisquera
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega Gina A. Amoyen	Editha T. Giron Orlando F. Tacson
Tagaguhit:	Abraham G. Ocan	Amy C. Agustin
Tagalapat:	Abraham G. Ocan	Jerson Rod A. Acosta
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen Editha T. Giron	Fatima R. Boado Russell Jim V. Tamayo Edmundo A. Bisquera Joel B. Caballero

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: El Filibusterismo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

ARALIN

1

ANG MAHAHALAGANG TAUHAN NG EL FILIBUSTERISMO BASILIO: BUHAY, PANGARAP, MITHIIN, PANINIWALA AT SALOOBIN



Alamin

Magandang araw mag-aaral! Labis akong nagagalak sapagkat batid kong ang inyong paghihirap sa pagsagot ng modyul ay unti-unti nang nagbubunga. Ang inyong pagpupursigi at pagsasapuso ng mga aral sa mga kuwento ay lubos kong pinahahalagahan.

Ang modyul 2 ay naglalaman ng pagpapakilala sa mga mahahalagang tauhan ng nobelang El Filibusterismo. Ipinakikita rin dito ang naging paglalakbay ni Basilio bilang isa sa pinakamahalagang tauhan ng nobela. Nakapaloob din sa modyul ang mga kabanata ng El Filibusterismo na nakasentro sa tauhang si Basilio tulad ng Kabanata VI, Kabanata VII, Kabanata XXIII, Kabanata XXVI, Kabanata XXXI, Kabanata XXXIII at Kabanata XXXIV.

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang maibubuod mo ang ilang mga kabanatang nakapaloob sa modyul.

Inaasahan ding mapalalawak mo ang iyong kakayahan sa pagsusuri ng akda sa pamamagitan ng pag-iisa-isa sa mga elemento nito tulad ng tauhan, tagpuan, suliranin, wakas at iba pa.

Kaagapay mo sa iyong ganap na pagkatuto ang mga gawain na inihanda upang subukin ang iyong kakayahan at pag-unawa sa paksang inilahad sa bahaging ito.

Kung gayon, ihanda mo na ang iyong sarili at atin nang taluntunin ang mundo ng nobelang El Filibusterismo.

Sa araling ito malilinig ang mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELCS) na:

1. Natutukoy ang papel na ginagampanan ng mga tauhan sa akda sa pamamagitan ng:
 - pagtunton sa mga pangyayari
 - pagtukoy sa mga tunggaliang naganap
 - pagtiyak sa tagpuan
 - pagtukoy sa wakas **F10PB-IVb-c-87**
2. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag na ginamit sa binasang kabanata ng nobela sa pamamagitan ng pagbibigay halimbawa. **F10PT-IVb-c-83**

3. Naiuugnay sa kasalukuyang mga pangyayaring napanood sa video clip ang pangyayari sa panahon ng pagkakasulat ng akda. **F10 PD -IVb-c-82**
4. Naibabahagi ang ginawang pagsusuri sa napakinggang buod ng binasang akda batay sa: pagkamakatotohanan ng mga pangyayari **F10 PS-IVb-c- 86**
5. Naisususulat ang buod ng mga binasang kabanata. **F10 PU-IV-c- 86**
6. Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks sa pagsulat (baybay, bantas, at iba pa) gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap/ talata. **F10 WG- IV-c-79**



Subukin

Panuto: Piliin at bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Pilipinang nag-aasal banyaga at itinuturing na mapait na dalandan sa nobela.
 - a. Donya Consolacion
 - b. Donya Victorina
 - c. Hermana Penchang
 - d. Paulita Gomez
2. Maganda at mayamang pamangkin ni Donya Victorina na katipan ni Isagani.
 - a. Hermana Penchang
 - b. Huli
 - c. Paulita Gomez
 - d. Sisa
3. Sinasabing mayamang mag-aaral na masigasig sa pagkakaroon ng Akademya ng Wikang Kastila.
 - a. Ben Zayb
 - b. Macaraig
 - c. Sandoval
 - d. Simoun
4. Anak ni Kabesang Tales na pumasok bilang guwardiya sibil.
 - a. Basilio
 - b. Simoun
 - c. Tadeo
 - d. Tano
5. Tsinong mangangalakal at kaibigan ng mga prayle na nais magkaroon ng konsulado ng Tsino sa Pilipinas.
 - a. Ben Zayb
 - b. Quirimit
 - c. Quiroga
 - d. Tano

6. Mayamang babaeng nagpahiram ng pantubos kay Huli bilang kapalit ng pagiging katulong nito.
 - a. Donya Consolacion
 - b. Donya Victorina
 - c. Hermana Narcisa
 - d. Hermana Penchang

7. Paring tinaguriang “moscamuerta” o patay na langaw.
 - a. Padre Irene
 - b. Padre Salvi
 - c. Padre Camorra
 - d. Padre Fernandez

8. Pinakatanyag na abogado na naging tanggulan ng mga kabataan sa planong pagpapatayo ng Akademya ng Wikang Kastila.
 - a. Basilio
 - b. Ginoong Leeds
 - c. Ginoong Pasta
 - d. Don Tiburcio De Espadana

9. Matalinong mamahayag na hindi tapat sa pagsulat ng mga balita.
 - a. Sandoval
 - b. Ben Zayb
 - c. Macaraig
 - d. Basilio

10. Kura-paroko sa kumbento ng Tiani na nagtangkang pagsamantalahan si Huli.
 - a. Padre Salvi
 - b. Padre Irene
 - c. Padre Camora
 - d. Padre Fernandez

11. Espanyol na bahagi ng pamahalaan na ang tingin sa sarili ay siya lamang ang nag-iisip sa Maynila.
 - a. Ben Zayb
 - b. Don Custodio
 - c. Padre Camorra
 - d. Padre Fernandez

12. Mag-aalahas na nagbalik sa nobela upang pagbayarin ang lahat ng nanakit sa kanya at sa kanyang pamilya.
 - a. Basilio
 - b. Ben Zayb
 - c. Simoun
 - d. Don Rafael

13. Mag-aaral na malapit sa mga guro at umaasa sa talino ng iba.
- Basilio
 - Macaraig
 - Sandoval
 - Juanito Pelaez
14. Mag-aaral na walang pagpapahalaga sa pag-aaral.
- Juanito Pelaez
 - Macaraig
 - Basilio
 - Tadeo
15. Banyagang nasa Pilipinas na binalot na ang katauhan ng kulturang Pilipino.
- Basilio
 - Macaraig
 - Sandoval
 - Juanito Pelaez





Balikan

Dahil sa ipinamalas mong kahusayan sa mga naunang gawain, tiyak kong handa ka na sa panibagong paksa.

Kanina'y tinukoy mo ang mahahalagang tauhan ng El Filibusterismo, ngayon ay atin namang balikan ang kaligirang pangkasaysayan nito na nauna nang tinalakay sa Aralin 1.

Makatutulong ang bahaging ito upang lalong maunawaan ang kabuuang diwang namamayani sa nobela.

Panuto: Iguhit ang  kung ang pahayag ay tunay na naganap sa kaligirang pangkasaysayan ng nobela at  naman kung ang pangyayari ay gawa-gawa lamang.

- _____ 1. Ang nobelang El Filibusterismo ay sinimulang isulat ni Rizal sa Calamba, Laguna noong 1887.
- _____ 2. Naging kaagapay ni Dr. Jose P. Rizal sa pagpapalimbag ng nobela si Dr. Ferdinand Blumentritt.
- _____ 3. Inalay ni Rizal ang nobelang El Filibusterismo sa tatlong paring martir na sina Gomez, Burgos at Zamora.
- _____ 4. Pagkatapos mailimbag ang nobela, binigyan niya ng sipi ang matatalik na kaibigan niyang sina Blumentritt, Del Pilar, Jaena at Luna.
- _____ 5. Natapos at nakompleto ang mga kabanata ng nobela noong ika-29 ng Marso taong 1891.

Isa sa pinakamahalagang elemento ng isang akda ay ang tauhan. Ito ang elementong nagpapagalaw at nagbibigay-buhay sa isang kuwento. Mahalagang pag-aralan ang kilos at gawi ng mga tauhan upang matukoy kung ano ang tunay na gampanin nila sa akda.

Bilang bahagi ng pagtalakay sa isa pang nobela ni Rizal, mahalagang makilala ng mga mambabasa ang mga tauhang ginamit sa *El Filibusterismo* na siyang nagbigay buhay sa lipunang Pilipino noong panahon ng pananakop.

Halina't kilalanin natin sila!

Mga Tauhan

- **Basilio** - Anak na naging dahilan ng kamatayan ng kadugo. Siya ang anak ni Sisa na inaruga at pinag-aral ni Kapitan Tiyago.
- **Don Custodio** - Makapangyarihang mahilig sa posibilidad. Espanyol na opisyal ng pamahalaan na ang tingin sa sarili ay siya lamang ang nag-iisip sa Maynila, hindi kikilos kung walang papuri ng pahayagan, mahilig humawak ng maraming tungkulin ngunit hindi alam kung paano palalakaran at binansagang “Buena Tinta”.
- **Simoun** - Mag-aalahas na nagbalik sa nobela upang maghiganti sa lahat ng taong nagpahirap sa kanya at sa kanyang pamilya.
- **Huli/Juli** - Anak na naging kabayaran sa lupang pilit ipinaglalaman ng ama. Siya ang anak ni Kabesang Tales na nagpaalila upang matubos ang ama.
- **Juanito Pelaez** - Mag-aaral na malapit sa mga guro at umaasa sa talino ng iba. Kubang anak ng isang mayamang mangangalakal, naikasal kay Paulita Gomez, mahusay makisama sa mga propesor, at mahilig manukso sa kanyang mga kapwa mag-aaral.
- **Macaraig** - Mayamang mag-aaral na masigasig sa pagkakaroon ng Akademya ng Wikang Espanyol.
- **Sandoval** - Banyagang nasa Pilipinas na binalot na ang katauhan ng kulturang Pilipino. Espanyol na kawaning nagpatuloy ng pag-aaral sa Pilipinas, lihis ang mga gawain sa kaniyang mga kababayan at nakiisa sa mga Pilipinong mag-aaral sa pagkakaroon ng Akademya ng Wikang Kastila.
- **Ginoong Pasta** - Matalinong taong kahit batid ang katotohanan, di pumapanig dahil naglilingkod sa pamahalaan. Pinakatanyag na abogado sa Maynila at sanggunian ng mga prayle kung may suliranin. Pinagsanggunian din ng mga mag-aaral tungkol sa pagpapakatao ng Akademya ng Wikang Kastila.
- **Padre Irene** - Taong may dalawang mukha o tinatawag na balimbing. Paring namamahala sa paghingi ng kapahintulutang makapagtayo ng Akademya ng Wikang Kastila. Kaibigang matalik at tagapayo ni Kapitan Tiyago.

- **Padre Salvi** - Paring tahimik na kumakatawan sa mga alagad ng Diyos. Ang kura sa San Diego na pumalit kay Padre Damaso. Tinaguriang moscamuerla o patay na langaw.
- **Padre Camorra** - Mapagkunwari at di mapagkakatiwalaan. Kura-paroko na mukhang artilyero ng kumbento ng Tiani na nagtangkang pagsamantalahan si Juli.
- **Padre Fernandez**- Alagad ng Diyos na may sariling paninindigan at di nagpapaapekto sa nais ng nakararami. Dominikong paring may kakaibang ugali dahil sa paninindigan sa ibang kaparian, paboritong mag-aaral si Isagani dahil sa katalinuhan nito.
- **Paulita Gomez** - Babaeng sumusunod sa batas ni Darwin na ang babae ay nagpapaangkin lamang sa lalaking higit na sanay makibagay sa kinalakhang kalagayan. Katipan ni Isagani. Maganda at mayamang pamangkin ni Donya Victorina.
- **Tandang Selo** - Lolong matiisin na nakaranas ng maraming suliranin sa pamilya. Lolo nina Juli at Tano na dinibdib ang mga kasawian ng pamilya, napipi at nabaril ng apong si Tano.
- **Tano** - Anak na naging dahilan ng kamatayan ng kadugo. Anak na lalaki ni Kabesang Tales na pumasok bilang guwardya sibil.
- **Quiroga** - Isang Tsino sa Binondo na kaibigan ng mga prayle at nais magkaroon ng konsulado ng Tsina sa Pilipinas
- **Ben Zayb** -. Mamamahayag na Espanyol na di patas sa pagsulat ng balita at mataas ang tingin sa sarili na siya lamang ang nag-iisip sa Maynila.
- **Donya Victorina** - Pilipinang nag-aasal banyaga/dayuhan. Tiyahin ni Paulita Gomez na palaayos, kumikilos at nag-aasal na isang Espanyol. Itinuturing din siyang mapait na dalandan.
- **Hermana PENCHANG** - Nagpapanggap na relihiyoso at may kakayahang ipagkanulo ang pagtitiwala ng kapwa. Mayamang donya/manang na nagpahiram ng pantubos kay Juli bilang kapalit ng pagiging katulong nito.
- **Tadeo** - Mag-aaral na walang pagpapahalaga sa pag-aaral at pumapasok lamang sa paaralan upang alamin kung may pasok.



Tuklasin

Nagiging mas makatotohanan ang isang akda kung nagkakaroon ng kabatiran ang mambabasa sa mga pangyayaring naganap sa mga tauhan nito. Mahalagang maunawaan ng mambabasa ang gampanin ng mga tauhan gayundin ang mga suliranin at tunggaliang naganap sa mga ito.

Basahin at unawain ang mga sumusunod na kabanata ng *El Filibusterismo* at pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Si Basilio sa kaniyang pagmumuni-muni sa naging takbo ng buhay

Kabanata VI

(Si Basilio)

Maingat na bumaba si Basilio sa malapalasyong tahanan ni Kapitan Tiyago habang patuloy na tumutugtog ang mga kampana para sa panghating-gabing misa. Nilakbay niya ang kagubatang nabili ni Kapitan Tiyago na dating pag-aari ng mga Ibarra.

Tumigil si Basilio sa bunton ng mga batong malapit sa punong balite kung saan nakalibing ang inang si Sisa. Pagkaraan ay inalis niya ang kaniyang sombrero at nanalangin.

Sumagi sa kaniya ang pagkamatay ng ina, ang pagdating ng lalaking sugatang nilagutan ng hininga at ang pagtulong ng nakilalang lalaki sa pagsunog sa bangkay ng lalaking namatay at paghukay ng paglilibingan ng kaniyang ina. Inabutan siya ng kaunting salapi at pinaalis sa lugar

Nagtungo siya sa Maynila na isang ulilang lubos upang maging katulong at makapag-aral. Walang tumanggap sa kanya dahil sa kalunos-lunos na itsura at kalagayan kung kaya't tinangka niyang magpasagasa sa mga dumaraang sasakyan.

Natagpuan siya ni Kapitan Tiyago. Nagpaalila siya rito nang walang bayad. Pinahintulutan naman siya ni Kapitan Tiyago na makapag-aral sa San Juan de Letran. Tiniis niya ang di- mabuting pakita ng mga guro at kamag-aral.

Nang magmongha si Maria Clara, namuhi na sa mga prayle si Kapitan Tiyago kaya't pinalipat na ng pag-aaral si Basilio sa Ateneo Municipal.

Sa loob ng dalawang buwan ay magiging ganap na siyang manggagamot bunga ng kaniyang pagsisikap at pagtitiyaga. Babalik siya sa bayang sinilangan at magpapakasal kay Huli.

Gawain 1

Panuto: Punan ng wastong sagot ang mga sumusunod na tanong.

1. Sino si Basilio? _____
2. Anong kurso ang kinuha ni Basilio sa San Juan De Letran? _____
3. Bakit pumunta si Basilio sa gubat? _____
4. Bakit kinupkop ni Kapitan Tiyago si Basilio? _____
5. Paano nalampasan ni Basilio ang dagok ng kahirapan? _____



Magaling! Ngayon ay ipagpapatuloy natin ang pagbasa sa ilang mga kabanata. Bigyang-pansin habang nagbabasa ang ilang mga elemento ng nobela tulad ng tauhan, tagpuan, tunggalian at wakas.

Si Basilio sa natuklasang lihim ni Simoun at ang kaniyang paniniwala't saloobin sa nais nitong gawin

Kabanata VII Si Simoun

Hindi maiwan-iwan ni Basilio ang libingan ng ina. Walang ano-ano'y ginulat siya ng mga yabag. Nagkubli siya at nakita si Simoun, ang mag-aalahas. Nang alisin nito ang salamin at nagsimulang maghukay, bumalik sa gunita ni Basilio ang taong tumulong sa kaniya upang mailibing ang ina labintatlong taon na ang nakaraan.

Nang mapansing nahihirapan na ito sa pagbubungkal, nilapitan ni Basilio si Simoun at nag-alok ng tulong.

“Isa po kayong tao na bahagi ng buhay ko. Inakala ng marami na patay na ngunit batid kong babalik kayo upang panagutin ang nagbigay kasiphayuan sa buhay ninyo.”

“Basilio, hawak mo ang lihim ko na maaaring magwasak sa akin at sa mga balak ko. Maaari sana kitang patayin. Hindi ako mahuhuli dahil mga tulisan ang pagbibintangan ngunit kapwa tayo uhaw sa katarungan. Sa halip na wasakin natin ang isa't isa ay maaari tayong magtulungan,” pahayag ni Simoun.

Lahat ng kaniyang ginawa'y ipinagtapat niya kay Simoun. Nais niyang gawin



Guhit ni Amy C. Agustin

lalawigan ng Espanya ang Pilipinas na may pantay na karapatan tulad ng sa mga Espanyol. Ipinaliwanag ang kaniyang plano na gibain ang sistema at wasakin ang mga katiwalian sa lipunan. “Kailangang-kailangan ng bansang ito ang mga kabataang nangangarap ng kalayaan, katiwasayan at kaunlaran,” ani Simoun.

“Karunungan po sa Medisina ang pinagdadalubhasaan ko. Gabay po ang siyensiya sa tagumpay na saligan ng matuwid upang burahin ang kaisipang kolonya...” paliwanag ni Basilio.

“Madaling sabihin na kailangan ang siyensiya ngunit mahalagang mawala muna ang pang-aalipin at nagpapaalipin.” Binanggit din ni Simoun na ang pagdaragdag pa ng isang wika sa maraming wika ng kapuluan ay magdudulot lamang ng di-pagkakaunawaan. Binanggit din ni Simoun na ang pagdaragdag pa ng isang wika sa maraming wika ng kapuluan ay magdudulot lamang ng pagkakaunawaan.

Si Basilio’y may ibang paniniwala na ang Espanyol ay instrumentong magpapabuklod sa mga pulo at makapagpapalapit sa mga Pilipino sa pamahalaan.

Mahigpit itong tinutulan ni Simoun.

“Ang Kastila kailanman ay di magiging pangkalahatang wika ng bayan sapagkat ang diwa ng pag-iisip at ang tibukin ng puso ay walang katugon sa kolonyal na wika”.

Palibhasa’y naniniwala siya na may sariling wika ang bayan kaugnay ng kaniyang damdamin at kaugalian.

Hinimok din ni Simoun si Basilio na makiisa sa kaniyang mga planong maghiganti-laban sa pamahalaang Espanyol subalit hindi niya napasang-ayon ang binatang sa kaibuturan ng puso ay ayaw na ng kaguluhan manapa’t tahimik na pamumuhay bilang manggagamot.

Naniniwala siya na ang karunungan ay walang katapusan. Magsisilbing kagalingan ng katauhan at magiging daan upang ang lahat ng tao sa daigdig ay maging malaya. Nagpasalamat siya sa mga payo ni Simoun at nagpaalam. “Maaaring kakaiba ang pamamaraan ko sa paglutas ng mga suliranin ng bayan ngunit higit itong mabisa kaysa sa iniisip ng mga taong patingin-tingin lamang” mahinang wika ni Simoun sa sarili.

Si Basilio at ang kabalintunaan ng mga pangyayari sa kaniyang naging desisyon

Kabanata XXIII Isang Bangkay

Napansin ng karamihan na wala sa tanghalan sina Simoun at Basilio. Nang matubos ni Basilio si Huli sa pagiging katulong, itinuloy niya ang pag-aaral at pag-aalaga kay Kapitan Tiyago. Dumating si Simoun at kinumusta ang kalagayan ni

Kapitan Tiyago. Nagtanong muli ang dalawa tungkol sa paghihimagsik na ipinaglalaban ni Simoun at ang kinabukasang minimithi ni Basilio.

“Basilio, makinig ka. Mahalaga ang bawat sandali sa ating mundo. Hindi mo man lang binuklat ang mga aklat na ibinigay ko. Wala ka yatang pagmamahal sa kalayaan kahit kaunti lamang”.

Nanlaki ang mga mata ni Basilio na napatindig dahil hindi nagustuhan ang pahayag ni Simoun. Nalaman niya kay Simoun na sa hudyat nito, sasabog ang rebolusyon. Kinabukasan, wala nang mapayapang lansangang nalalakaran. Pinapili ni Simoun si Basilio kung kamatayan o kinabukasan ang pipiliin.

“Tunay na ang pamahalaan ay nagpapasasa sa kaban ng bansa. Ito ang dahilan kung bakit pinahihintulutan ang malalaswang palabas. Inutusan ko ang Kapitan Heneral at ang mga pari na payagan ang paksang digmaan. Dalawang lakas at dalawang puwersa ang magpipingian”.



Guhit ni Abraham G. Ocan

“Ang mga tulisang pinamumunuan ni Kabesang Tales ang panlaban sa pamahalaan. Hindi maaaring pumagitna sa dalawang batong nag-uumpugan;” pagbibigay-diin ni Simoun.

May nais si Simoun na ipagawa kay Basilio. Siya ang magbubukas ng pinto ng monasteryo at magtatakas kay Maria Clara. Ngunit ang planong nabanggit ay di na maisasagawa.

“Matuto ang lahat na igalang ang karapatan ng bawat mamamayan. Masasabing ganap na naalis ang kawalang paggalang sa karapatan kapag dumanak na ng dugo sa lipunan”, paliwanag ni Simoun.

“Huli na po tayo. Pumanaw na siya kaninang ika-6 ng hapon. Binibihisan na po siya” pagbabalita ni Basilio. Nang makita ang sulat ni Padre Salvi kay Padre Irene para kay Kapitan Tiyago, saka pa lamang naniwala si Simoun. Naalalang bigla ang narinig na agunyas noong nanunubok siya sa paligid ng kumbento.

Litong-litong nilisan ni Simoun ang lugar na halos sumabog ang kaniyang dibdib. Kalagim-lagim ang balitang ito sa kaniya. Ang himagsikang nakapagbukas ng pintuan ng kumbento.... at dahilan ng kaniyang mga balakin ay nagkaulap sa kaniyang harapan. Naiwan naman si Basilio na awang-awa kay Simoun. Nawala sa isip ang pag-aaral at muling sumagi ang alaala ng dalawang kapos-palad na kapwa pinagkaitan ng kapalaran.

“Humimlay ka sa kapayapaan at sa iyong libingan. Hindi ka na makaririnig ng mga daing sa karimlan...”

Napagtanto ni Basilio na mapalad ang taong namatay na may umiiyak at nag-iwan sa puso ng malinis na gunita, ang isang wagas na alaalang hindi nadungisan ng silakbo ng damdaming lumalawak sa katagalan ng panahon.

Si Basilio at ang ibinunga ng mga paskin sa kaniya bilang mag-aaral na hahamon sa kaniyang katatagan

Kabanata XXVI Mga Paskin

Maagang bumangon si Basilio upang maisagawa ang mga gawain at upang puntahan ang mga maysakit. Tutungo siya sa pamantasan upang ayusin ang kaniyang “licentiatura” at makikipagkita kay Macaraig upang humiram ng mahalagang gagamitin sa pagtatapos.

Malaking bahagi ng kaniyang naimpok ay ginamit bilang pantubos kay Huli. Bumili rin siya ng isang dampang magiging tirahan ng mag-lolo. Hindi siya makapangahas manghiram kay Kapitan Tiyago baka isipin nito na pauna ito sa manang ibibigay sa kaniya ng matanda.

Dahil sa malalim na iniisip, hindi napansin ni Basilio ang pulutong ng mga mag-aaral na may natutubigang anyo, pabulong na nag-uusap at lihim na hudyatan mula sa paaralan na pauwi na sa kanilang tahanan.

Nang makarating sa San Juan de Dios at tanungin ang mga kaibigan tungkol sa paghihimagsik, napalundag si Basilio at sumagi sa isip ang binalak ni Simoun na hindi natuloy dahil sa mahiwagang pangyayari sa mag-aalahas. Nalaman niyang maraming mga mag-aaral ang sangkot sa himagsikang kaugnay sa mga paskin sa dingding ng Pamantasan. Puno ng pananakot ang mga paskin tulad ng pagbitay sa mga makapangyarihan, pagsalakay sa mga gusaling pansimbahan at pagdanak ng dugo sa buong kapaligiran.

Nanganib ang mga mag-aaral dahil mabilis itong kumalat sa mga nasa pamahalaan. Patatalsikin ang mga mag-aaral at ipakukulong kahit walang malay sa pagpapaskil. “Kung si Simoun ang may kagagawan nito, humanda siya at maninindigan ako”, pahayag niya sa sarili.”

Tinanong siya ng propesor sa klinika kung dumalo siya sa piging at kung kaanib siya sa kapisanan ng mga mag-aaral. Bilang pagmamalasakit, pinapayuhang iligpit ang anumang papel na maaaring magdala sa kaniya sa panganib. Napag-alaman niyang ang dahilan ng pagkakalagay ng mga paskin ay sa mga masasamang sinasabi sa pinto ng pamantasan.

Si Basilio at ang pagtatanggol sa kanya ng Mataas na Kawani sa walang katarungang pagkabilanggo

Kabanata XXXI Mataas na Kawani

Tampok sa pahayagan ng Maynila ang mga balitang galing sa Europa at ang pagtatanghal ng operang Pranses.

Hindi nailathala ang paglusob ni Matanglawin sa isang lalawigan at ang pagtalon mula sa tore ng kumbento ng isang dalaga. Kapag ang nilooban ay isang Espanyol o ang kumbento, nakatitiyak na nakalathala ang mga ito.

Walang nagbalita tungkol sa nangyari kay Huli. Nalaman nila ang pag-alis sa bayan ni Padre Camorra upang manirahan sa kumbento ng Maynila. Kinaawaan pa ng peryodistang si Ben Zayb ang prayle na may mabuting kalooban.

Upang makalaya ang mga mag-aaral, hindi pinansin ang magugugol na mga handog na ipinagkaloob at paghihirap ng mga magulang at mga kamag-anak. Naunang nakalabas si Macaraig at huli si Isagani pagkat natagalan bago dumating sa Maynila si Padre Florentino. Tanging si Basilio ang di nakalaya dahil pinabigat pa ang kaniyang kaso ng mga ipinagbabawal na aklat. Hindi nalaman kung ito'y Medicina Legal y Toxocologia ni Dr. Mata o ilang pahayagan tungkol sa mga balita sa Pilipinas.

Malaki po ang pagpapahalaga ng mga guro niya sa kabaitan at kasipagang taglay. Kung 'di siya makalalaya, hindi niya matatapos ang kursong medisina. Mawawalang-halaga ang lahat ng naumpisahan niya" pagtatanggol ng Mataas na Kawani.

"Kung totoong magtatapos na ang Basiliong iyan, dapat ngang lalong makulong ang "Pilibusterong Manggagamot", galit na tugon ng Kapitan Heneral. Napataw sa kaawa-awang binata ang buong bigat ng timbangan ng walang katarungan.

"Napiit ako na walang kasalanan. Mabuti po at tinulungan po ninyo akong makalaya. Handa na po ako ngayon. Bigyan po ninyo ako ng sandata."

Pinangatawanan ng Mataas na Kawani ang pagtatanggol kay Basilio. Ipinaalala niya sa Kapitan Heneral ang tungkulin sa bayan, ang karapatan ng mga Pilipinong maghimagsik sapagkat pinagsamantalahan sa halip na tangkilikin at pairalin ang matuwid na pagkatalo. Sinagot naman siya ng Heneral na wala siyang kinalaman sa bayan sapagkat hindi naman ito ang naghirang sa kanya.

Lalong lumubha ang alitan ng Mataas na Kawani at ng Kapitan Heneral. Umalingawngaw pa ang kaniyang naging pahayag sa Heneral na "Kung ako po ang tatanungin, malaking karangalan ang pagkaapi sa hindi nabigyan ng katarungan, katotohanan, at kalayaan. Masarap ipaglaban ang sinumang inapi sa lipunan."

Habang nasa kaniyang sasakyan ang Mataas na Kawani, binanggit niya sa kutserong Indiyo ang pahayag na, "Kapag dumating ang araw na makapagsasarili

na kayo, alalahaning sa Espanya may pusong tumitibok dahil sa inyo at nakikipaglaban para sa inyong karapatan.”

Si Basilio at ang pagtulong ni Simoun na makalaya sa kulungang nagpabago ng kaniyang paniniwala at saloobin

Kabanata XXXIII Ang Huling Matuwid

Maagang inihanda ni Simoun ang kaniyang hiyas at sandata. Magkasama sila ng Kapitan Heneral patungong Espanya. Sa pag-alis ni Simoun, kumalat ang haka-hakang natatakot si Simoun na maiwang mag-isa sapagkat baka paghigantihan ng kaniyang mga inapi/pinagsamantalahan. Kumalat din ang balitang ang papalit na heneral ay matuwid. May posibilidad na ipasauli ang kinita kapag naabutan pa. Kumalat din ang haka-hakang, “Kung pudpod na ang parang ay lilipat naman sa ibang lugar ang balang”.

Kinahapunan, pinagbilinan ni Simoun ang kaniyang mga alila na kapag may naghanap sa kaniya na binatang si Basilio, papasukin agad. Nagkulong na ito sa kaniyang silid at nag-isip. Dumating si Basilio upang pasalamatan si Simoun.

Malaki ang pagbabago ng katawan ni Simoun bunga ng kaniyang dalawang buwang pagkakasakit. Ngunit kahambal-hambal ang anyo ng binatang dumating, Payat na payat, walang kaayusan ang damit at gusot ang buhok. Maitutulad ang kaanyuan sa isang galing sa libingan. Naawa si Simoun sa sawimpalad na binata.

“Tama Basilio, tindigan natin ang planong pakikipaglaban. Tayo ang dapat maging tinig ng pagkakatantay-pantay. Isang mabuting pangitain ang pagdating mo. Nag-aalab ang apoy sa puso ko.”

Tahimik na pinakinggan ni Simoun si Basilio na pinarusahan siya ng lumikha dahil nilimot ang kasawiang dinanas ng kapatid at ina. Wala na siyang ibang nasa isip kundi gantihan ng sama ang sama. Hindi na niya ipagkakait ang kaniyang tulong.

Nanginginig ang mga mata ni Simoun. Nagpasalamat kay Basilio dahil pinawi nito ang ilang pag-aalinlangan. Umaliwalas ang mukha ni Simoun.

Nawala na ang panlulupaypay ni Simoun. Noon hindi pa siya hari ng kalooban dahil umibig ngunit ngayong wala na ang sinisinta.... Wala na ang pag-uurong-sulong.

“Gayakin mo Basilio ang mga kabataan upang lumahok sa ating pakikidigma. Walang pamana sa atin ang kaaway dahil nakasisilaw ang mga alahas at kayamanan.”

Isinama ni Simoun ang binata sa kaniyang laboratoryo. Isang lamparang may katangi-tanging ayos ang kaniyang inilabas. Inilantad ang loob na sisidlan ng ilawan. “Nitroglisirina po ba ang laman ng sisidlang bakal?” tanong ni Basilio.

“Higit itong matapang kaysa dinamita.” tugon ni Simoun.

“Pinaghalo-halo ito ng mga luha ng mga inapi sa lipunan at mga tinapak-tapakan dahil walang lakas.” dugtong niya. Parang naumid si Basilio sa pagkatakot na noon lamang naranasan sa buong buhay niya. Inayos ni Simoun ang lampara at nilagyan ng turnilyo. Napansin niyang tila may nais itanong si Basilio.

“Magkakaroon ng isang salo-salo ngayong gabi, Basilio. Ilalagay ang lamparang ito na aking regalo sa gitna ng hapag-kainan. Unti-unting lalamlam ang ningning ng lampara hudyat na itataas nila ang mitsa. Pagtaas nito, puputok at sasabog ang bombang wawasak sa silid-kainan. Nakatayo naman sa mga sahig at bubong ang sako-sakong pulbura. Walang matitira sa mga nagsidalong bisita.”

“Maayos na po pala ang inyong plano. Wala na po pala akong maitutulong sa inyo.”

“Malaki ang maitutulong mo Basilio. Kapag narinig na ang bomba, lalabas ang tagasunod ni Kabesang Tales at ang mga nilinlang kong militar ay mag-aalsa laban sa Kapitan Heneral. Pamamahalaan mo ang mga ordinaryong mamamayan na walang sandatang tangan.

Dalhin mo sila kay Quiroga, nandoon ang mga inihabilin kong mga sandata. Bigyan ng sandata ang mga ito. Ako at si Kabesang Tales ang aagaw sa siyudad at ikaw naman sa arabal at tulay.”

Naitanong ni Basilio kung anong sasabihin ng mundo sa planong pagpatay. Sinagot siya ni Simoun na pupurihin at bibigyang-katuwiran ng mundo ang lalong malakas.

Sumang-ayon si Basilio. Bakit niya isasaalang-alang ang lipunang walang malasakit sa kanya. Natuwa si Simoun sa narinig. Inabot kay Basilio ang rebolber. Pinagbilingang maghintay sa tapat ng simbahan ng San Sebastian sa ganap na ika-10 ng umaga upang tanggapin ang huling utos. “Sa ikasiyam ng gabi lumayo ka sa daang Anloage”, pag-uutos ni Simoun. Siniyasat ni Basilio ang rebolber at itinaga sa kanyang bulsa.

Si Basilio at ang naglalabang prinsipyo at saloobin kaugnay sa paghihiganti

Kabanata XXXIV Ang Kasal

Pagsapit ng ikapito ng gabi ay nasa daan na si Basilio at nagmumuni-muni sa kaniyang gagawin kung sumapit ang kalagim-lagim na senaryo. Nagsi-uwian na ang mga mag-aaral sa kanilang mga bayan. Hindi rin malaman kung saan nagpunta si Isagani. Lahat ng kaniyang nasasalubong ay parang walang ulo kapag iniisip na ang resulta ng pagputok ng bomba. Nakikita niya ang sariling nakatayo sa ibabaw ng bunton ng mga bangkay.

Hindi niya naalalang itanong kay Simoun kung saan magsisimula ang gulo.

Naalala niya ang bilin ni Simoun na lumayo sa Anloage. Nang makalaya siya at umuwi sa dating tirahan upang kunin ang ilang mga kagamitan, nagbago ang tahanan ni Kapitan Tiyago. Inihanda at inayos ito para sa isang pista. Marahil ito ang pistang binanggit ni Simoun. Mahabang hanay ng mga sasakyan ang dumaan sa kaniyang harapan. May mga dalang bulaklak at masasayang nag-uusap ang lulan ng mga ito. Nakita niya ang bagong kasal. Nahabag siya kay Isagani.

Nais niyang ipaalam ang lihim ni Simoun sa kaibigan ngunit nagbago ang kaniyang pasya sapagkat hindi naman nito dinanas ang hirap niya. Naisip din niya na kung hindi siya nabilanggo, ganap na manggagamot at ikinasal na sila ni Huli. Naalala niya tuloy ang kasintahang tumalon sa durungawan ng kumbento. Nahawakan niya tuloy ang rebolber sa kaniyang lukbutan

“Nakakainip ang mabagal na takbo ng oras”, bulong niya sa sarili. Nakita niya ang paglabas ng bahay ni Simoun dala ang lampara. Nagtaka siyang makita ang kutsero ng karuwaheng sinakyan ni Simoun ay walang iba kundi si Sinong na isang Pilipinong pinagkaitan ng katarungan. Totoo ang kaniyang hinala na lahat ay patungo sa dating tahanan ni Kapitan Tiyago. May orkestrang nagpaparinig ng masayang tugtugin. Tawanan, biruan, at salitaan ng mga nagsisiksikang tao sa maliwanag na tahanan.

Binili ni Don Timoteo ang pinagdausang tirahan sa tulong ni Simoun. Ikinasal ang kaniyang anak sa dalagang tagapagmana ng mga Gomez. Ngayo’y panauhin niya ang lahat ng mararangal at kilalang tao sa Maynila. Malaki ang ipinagbago ng bahay ni Kapitan Tiyago. Wala na ang amoy apyan at lalo pang pinaliwanag ng mga salamin ang malalaking salas. Nakaalpombra ang sahig, arabal ang ilawan at ang kurtinang pula na may burdang ginto ay may titik ng mga pangalan ng ikinasal. Napakaganda ng mahabang dulang para sa mga panauhin. “Salamat Senyor Simoun.” bati ni Don Timoteo sa mag-aalahas. Naimbita kasi ni Simoun ang Kapitan Heneral na maging ninong ng ikakasal. Iniabot naman ni Simoun ang regalong lampara.



Suriin

Alam mo ba na...?

Lumilikha ng mga tauhang nagbibigay-buhay at aral ang isang manunulat. Nararapat na maging makatotohanan ang mga papel na ginagampanan upang matamo ang makabuluhang pagpapakilala. Nariyan ang pagkakaroon ng kredibilidad ng tauhang matatamo sa matapat na pagkilos, pagsasalita, paniniwala, prinsipyong-yakap at gawing sasalamin sa makatotohanang pagganap/pagsasatao.

Ipinakikilala ang tauhan sa dalawang paraan:

1. Tuwirang paglalarawan – Nagbibigay lamang ng tiyak na impormasyon o kabatiran sa isang bagay o tao.

2. Masining/Madulang Paglalarawan - Naglalayong pukawin ang guni-guni ng mambabasa.

Halimbawa ng tuwirang paglalarawan – Si Basilio ay isang binatang punong-puno ng mithiin at pangarap.

Halimbawa ng masining/madulang paglalarawan – Sintayog ng kawayan ang pangarap at mithiin ni Basilio sa buhay.



Pagyamanin

Gawain 1: Ilarawan Mo Ako

Panuto: Ngayon ay susubukin ang iyong pag-unawa sa talakayang isinagawa. Punan mo ng wastong pagpapakilala ang mga tauhan sa ibaba.

Tauhan	Tuwirang Paglalarawan	Masining/Madulang Paglalarawan
1. Basilio		
2. Simoun		
3. Juli		
4. Padre Camorra		
5. Makaraig		

Gawain 2: Pahayag Ko, Unawain Mo

Panuto: Tukuyin ang kahulugan ng mga pahayag ng tauhan sa tinalakay na kabanata. Bilugan ang titik ng napiling sagot.

1. “Isa po kayong tao na bahagi ng buhay ko. Inakala ng marami na patay na ngunit batid kong babalik kayo upang panagutin ang nagbigay kasiphayuan sa buhay ninyo.” – **Basilio**
 - a. Wala nang pakialam sa nakaraan
 - b. Babalik upang ipakitang may pakialam siya sa nakaraan
 - c. Di na babalik at kalilimutan na ang lahat ng nangyari sa nakaraan
 - d. Magbabalik upang maghiganti sa mga taong nagdulot ng kabiguan sa kanya

2. “Kailangang-kailangan ng bansang ito ang mga kabataang nangangarap ng kalayaan, katiwasayan, at kaunlaran.” – **Simoun**
 - a. Kabataan ang pag-asa ng bayan
 - b. Ang kabataan ang siyang sisira sa bayan
 - c. Ang kabataan ang saksi sa pagbangon ng bayan
 - d. Kailangan ang mga kabataang may matayog na panagarap para sa bayan

3. “Humimlay ka sa kapayapaan at sa iyong libingan. Hindi ka na makaririnig ng mga daing sa karimlan.” – **Basilio**
 - a. Malaya na sa mga suliranin ng bayan
 - b. Makararanas pa ng kapighatian
 - c. Labis na pagmamahal sa pamilya
 - d. Wala nang pakiaalam sa bayan

4. “Huli na po tayo, pumanaw na siya.” –**Basilio**
 - a. Nagkita sa huling sandali
 - b. Nagtagpo sa huling hantungan
 - c. Hindi na maibabalik ang kahapon
 - d. Hindi nakaabot sa huling sandali ng kanyang buhay

5. Nakaiinip ang takbo ng mabagal na orasan.” -**Basilio**
 - a. Pagdaan ng araw
 - b. Nais tumigil ang araw
 - c. Nayayamot sa paghihintay
 - d. Nagmamadaling maisagawa ang gawain

Gawain 3: Tunggali’y Mahalaga

Panuto: Tukuyin ang tunggaliang naganap sa mga tauhan sa nobela. Bilugan ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang tunggalian nina Basilio at Simoun sa gubat ay naganap nang _____.
(Kabanata VII)
 - a. ihayag ni Basilio na dapat gamitin ng mga Pilipino ang wikang Espanyol sa buong kapuluan.
 - b. magbalak si Basilio na ilantad ang tunay na katauhan ni Simoun.
 - c. isumbat ni Simoun ang tulong na ginawa niya kay Basilio.
 - d. mainis si Basilio sa kayabangan ni Simoun.


2. Anong tunggalian ang naganap sa Kapitan Heneral at mataas na kawani?
(Kabanata XXXI)
 - a. Nagkainitan sila dahil sa pagtatanggol ng mataas na kawani sa mga Pilipino.
 - b. Ipinagtanggol ng mataas na kawani si Basilio ukol sa pagkakakulong ng binata.

- c. Naging mainit ang kanilang usapan ukol sa mga plano ng Heneral para sa bayan.
 - d. Nagkaroon sila ng pagdedebate ukol sa planong pagpapatayo ng akademya ng mga kabataan.
3. Paano naganap ang tunggalian ng mga guwardiya sibil laban kay Basilio?
(Kabanata XXVI)
- a. Dinukot siya dahil sa planong pagpapatayo ng akademya.
 - b. Dinakip siya ng mga ito dahil pinagkamalan siyang sangkot sa himagsikan.
 - c. Dinakip si Basilio sa pag-aakalang maghihigante siya sa pagkamatay ni Huli.
 - d. Pinaimbestigahan si Basilio sa pag-aakalang kakalabanin nito ang Kapitan Heneral.
4. Naganap ang tunggalian nina Basilio at Simoun ukol sa himagsikan dahil _____.
(Kabanata XIII)
- a. nagalit si Basilio nang inakusahan siya ni Simoun na wala siyang pagmamahal sa kalayaan.
 - b. ipinamukha ni Simoun kay Basilio na wala siyang ginagawa para sa kapwa nito kabataan.
 - c. minaliit ni Simoun ang kakayahan ni Basilio na pamunuan ang grupo ng mga kabataan.
 - d. ipinagmalaki ni Simoun na siya lamang ang may kakayahang ipagtanggol ang bayan.
5. Nagkaroon ng tunggalian si Basilio sa kaniyang sarili dahil _____.
(Kabanata XXXIV)
- a. nagtatalo ang kaniyang isip kung itutuloy ang planong pagpapasabog sa kasalan.
 - b. nagsisi siya sa di-pagsunod sa mga utos ni Simoun.
 - c. nagtatalo ang kaniyang isip ukol sa pagpapatayo ng akademya.
 - d. nagsisisi siya sa kursong kinuha niya.

Bago sagutin ang mga sumusunod na tanong, panoorin muna ang ilang tagpo sa buhay ni Basilio sa youtube link na ito:
<https://www.youtube.com/watch?v=Ci2Te0GRnB4>

Gawain 4: Manood... Matuto... Magbahagi...

Panuto: Pag-ugnayin ang mga pangyayari sa pinanood na *video* at pangyayari sa pagkakasulat ng akda.



Pagtunton sa pangyayari

Mahalagang malaman mo ang gampanin ng mga tauhan sa mga pangyayaring naganap sa loob ng nobela. Kung gayon, subukin natin ang iyong husay sa pagtunton ng mga pangyayari.

Gawain 5: Pagtunton Sa Pangyayari

Panuto: Piliin sa ibaba ang mga pangyayaring kinasangkutan ng tauhang si Simoun. Isulat sa loob ng kahon ang mga napiling sagot.

- Pagpatay kay Huli.
- Paghihiganti ni Basilio.
- Paglilibing sa ina ni Basilio.
- Pagwawaksi sa Wikang Kastila.
- Pagpapasabog sa bulwagan ng kasalan.
- Paglaban sa Pagpapatayo ng Akademya.
- Pagtatanggol kay Basilio sa Kapitan Heneral.


SIMOUN

1.
2.
3.
4.
5.



Isaisip

Panuto: Iisulat ang mga kaisipang natutuhan gamit ang *Concept Wheel Organizer*.





Isagawa

Ngayon ay inaatasan kitang magsagawa ng pagbubuod sa naging buhay at karanasan ni Basilio na makikita sa mga tinalakay na kabanata. Isaalang-alang ang mga mekaniks sa pagsulat tulad ng pagbabaybay, bantas, wastong gamit ng salita at wastong pagkakasunud-sunod ng mga ideya.

Kategorya	Higit sa Inaasahan 5	Nakamit ang Inaasahan 4	Bahyang Nakamit ang Inaasahan 3	Hindi Nakamit ang Inaasahan 2	Walang Napatunayan 1	Iskor
Introduksyon (5 Puntos)	Nakapanghihi kayat ang introduksyon. Malinaw na nakalahad ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pananaw uko; dito.	Nakalahad sa introduksyon ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pagtnaw ukol dito.	Nakalahad sa introduksyon ang pangunahing paksa subalit hindi sapat ang pagpapaliwa nag ukol dito.	Hindi malinaw ang introduksyon at pangunahing paksa. Hindi rin nakalahad ang panlahat na pagpapaliwa nag ukol dito.	Hindi nakita sa ginawang sanaysay.	
Diskusyon (5 Puntos)	Makabuluhan ang bawat talata dahil sa husay na pagpapaliwa nag at pagtalakay tungkol sa paksa.	Bawat talata ay may sapat na detalye.	May kakulangan sa detalye.	Hindi nadebelop ang mga pangunahing ideya.	Hindi nakita sa ginawang sanaysay.	
Organisasyon ng mga Ideya (5 Puntos)	Lohikal at mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya; gumamit din ng mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga ideya.	Naipakita ang debelopment ng mg atalata subalit hindi makinis ang pagkakalahad.	Lohikal ang pagkakaayos ng mga talata subalit ang mga ideya ay hindi ganap na naidebelop.	Walang patunay na organisado ang pagkakalahad ng sanaysay.	Hindi nakita sa ginawang sanaysay.	
Konklusyon (5 Puntos)	Nakapanghaha mon ang konklusyon at naipapakitaang pangkalaha tang palagay o paksa batay sa katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna.	Naipapakita ang pangkalaha tang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna.	Hindi ganap na naipakita pangkalaha tang palagay o pasya tungkol sa paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna.	May kakulangan at walang pokus ang konklusyon.	Hindi nakita sa ginawang sanaysay.	
Mekaniks (5 Puntos)	Walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay.	Halos walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay.	Maraming pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabantas.	Napakarami at nakaguguo ang mga pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay.	Hindi nakita sa ginawang sanaysay.	
Gamit (5 Puntos)	Walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap gamit ng mga salita.	Halos walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap gamit ng mga salita.	Maraming pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap gamit ng mga salita.	Napakarami at nakagugulo ang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap gamit ng mga salita.	Hindi nakita sa ginawang sanaysay	
Kabuuan						



Tayahin

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

- _____
- _____
- _____
- _____
1. Sino ang ulilang bata na tumungo sa Maynila upang mag-aral?
 2. Sino humikayat kay Basilio na maging kaanib nito sa paghihiganti?
 3. Sino ang Pilipinang nag-aasal banyaga?
 4. Sino ang Pilipinong mamamahayag na hindi tapat sa pagsulat ng balita?
 5. Sino ang mag-aaral na malapit sa guro at umaasa sa talino ng iba?



Karagdagang Gawain

Panuto: Dugtungan ang mga pangungusap batay sa kinahinatnan ng mga tauhan.

1. Si Basilio ay lumuwas ng Maynila upang _____.
2. Si Huli ay namatay dahil sa _____.
3. Nalaman ni Basilio ang lihim ni Simoun dahil _____.
4. Hindi pinatay ni Simoun si Basilio dahil _____.
5. Nakulong ang mga mag-aaral dahil _____.



Mahusay! Napagtagumpayan mong sagutin ang mga gawain sa modyul na ito. Ipagpatuloy at pagbutihin mo pang lalo sa susunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

1. Anak ni Sisa at Pedro na kapatid ni Crispin
 - Inampon at pinag-aral ni Kapitan Tiyago
 - Mag-aaral ng Medisina
 - Kasintahan ni Huli
2. Medisina/Pagododoktor
3. Upang bisitahin ang libingan ng ina
4. Nang makita ni Kapitan Tiyago si Basilio ay kinumpkop niya ito at pinag-aral kapatid ng panimlibihan nito
5. Nagsikap at nag-aral sa tulong ni Kapitan Tiyago

Tuklasin Gawain

1.	♡
2.	★
3.	♡
4.	★
5.	♡

Balikan

1. B
2. B
3. B
4. D
5. C
6. D
7. B
8. C
9. B
10. C
11. B
12. C
13. D
14. D
15. C

Subukin


(Modyul 2)

Tauhan	Twirang Paglarawan	Masing/Madulang Paglarawan
Basilio	Binatang punong- puno ng mithiin at pangarap	Binatang nagpunyagi upang matamo ang karangalang matagal na niyang mimithi.
Simoun	Mapaghiganting mag- aalahas na may matim na balak sa lipunan	Lalaking may malagim na nakaraan at nagbalik dala-dala ang naisong sama ng loob sa mga taong kumitil sa kaniyang pangarap at sa buhay ng kaniyang minamahal.
Julii	Mabait na anak na nagpaalipin para sa ama	Isang babang may busilak na puso at may pagkukusang ihandog ang sarili upang mapawi ang hirap ng iba.
Padre Camorra	Mapang-abusong pari na may pagnanasa kay Julii	Hayok sa laman dahil sa pang-aabuso sa kakabaihan.
Makaraig	Mag-aaral na masigasig sa pagpapatayo ng akademya ng wikang kastila	May matayog na pangarap na matayo ang paralang magbukas ng oportunidad sa lahat na matuto at mapagyaan ang wikang kastila.

Gawain 3

1. A
2. B
3. B
4. A
5. A


Gawain 4



Gawain 5

1. Paglilibing sa ina ni Basilio
2. Paglaban sa Pagpapatayo ng Akademya
3. Pagwawaksi sa Wikang Kastila
4. Paghihiiganti ni Basilio
5. Pagpapasabog sa Bulwagan ng Kasalan

Isaisip



Isagawa

Hindi maikakaliang naging mahirap ang ang naging buhay ni Basilio sa El Filibusterismo dahil kahit 13 tao na ang nakalilipas ay saritwa pa rin sa kaniyang isipan ang hirap at sakit na dinanas ng kaniyang ina at kapatid. Sa tuwing siya ay umuwi sa San Diego ay palihim niyang binibisita ang puntod ng kaniyang ina sapagkat ayaw niyang may ibang makalam ng kaniyang lihim. At sa hindi inaasahan ay may nabisto niya na ang mag-aalahas na si Simoun at Ibarra ay iisa at hindi siya maaring magkamali. Ito naman ay kaniyang inilihim.

Nang magkatasakti si Kapitan Tiyago, ang umampon sa kanya, ay siya na ang nag-alaga sa matanda, naghirap siya sa pag-aalaga dito sapagkat naging mainitin ang ulo nito dahil sa pagkakatulong sa Opyo sobrang nangayayat din ang matanda.

Nang mamatay si Kapitan Tiyago ay binawi ang kayamananang ipamamana sana sa kanya sapagkat siya raw ay isang piliustero na kumakalaban sa pamahalaan. Siya ay nakaranas din ng panghuhusga at pagmamalit mula sa mga taong masasama.

Nang magpaalipin ang kaniyang kasintahag si Huli kay Hermana Penchang ay tinubos niya ito dahil sa labis naawang nararamdaman niya. Batid niya na pinahihirapan si Huli sa pagtatrabaho ng bukod pa sa pang-aalipustang ginagawa dito.

Tayahin

1. Basilio
2. Simoun
3. Donya Victoria
4. Ben Zayb
5. Makaraig

Karagdagang Gawain

1. makalimot sa lahat ng pinagdaanan niyang problema
2. tumalon siya sa bintana upang makatalkas kay Padre Camorra
3. nakita niya ito sa gubat kung saan nalibing ang kaniyang ina
4. nakiusap si Basilio na huwag siyang patayin
5. napagkamdalan silang nanguna sa pagpapaskil

Sanggunian

De Guzman, Maria O. et al. 1960. Ang “El Filibusterismo” – Rizal, First Revised Edition, National Bookstore

De Vera, Estrella et al. 2002. El Filibusterismo (Obra Maestra IV), Rex Bookstore.

Mga Websayt

Ellorin, John Patrick. (2020, May). Kabanata 7: Si Simoun #ElFilibusterismo [Video]. Youtube. <https://www.youtube.com/watch?v=Ci2Te0GRnB4>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph